5

# Modelong Banghay-Aralin sa EPP

Kuwarter 2

Aralin 4

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa EPP 5**
**Kuwarter 2: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Management Team**

Juan Dela Cruz, Juan Dela Cruz, and Juan Dela Cruz

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mga mag-aaral ay naipapamalas ang pang-unawa sa maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng *poultry animals* sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng *poultry animals* sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>1. Natatalakay ang mga karaniwang uri at lahi ng poultry animals na makikita sa pamayanan na maaaring alagaan<br>***Layunin:***<br>1. Natutukoy iba't ibang uri at lahi ng manok, pato/itik/bibe, pabo, at gansa;<br>2. Naibibigay ang mga katangian ng karaniwang uri at lahi ng manok, pato/itik/bibe, pabo, gansa; at<br>3. Naisa-isa ang mga kahalagahan dulot ng pag-aalaga ng manok, pato/itik/bibe, pabo at gansa. |
| **D. Nilalaman** | Mga karaniwang uri at lahi ng poultry animals na makikita sa pamayanan na maaaring alagaan |

| | |
|---|---|
| **E. Integrasyon** | SDG 8 Decent Work and Economic Growth<br>SDG 12 Responsible Consumption and Production |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Wikipedia. (nd). *Poltri*. https://tl.wikipedia.org/wiki/Poltri


Almario, V. (2015). *Sagisag na Kultura* (V1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. https://philippineculturaleducation.com.ph/pabo/

Salvante, Rodel. (nd). Edukasyong Pantahan at Pangkabuhayan 5 Gawaing Pang-Agrikultura. Schools division of Marikina City. https://drive.google.com/file/d/1px0klZT0j3qocVOp_Bb-sDF8_1Tn2R2k/view

Pateo, Levie Jr, (2020). Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Agrikultura Modyul 4: Hayop mo! Alagaan Mo!. https://depedtambayan.net/wp-content/uploads/2021/10/epp-afa4_q1q2_mod11_WastongPamamaraansaPag-aalagangmgaHayop_v2.docx.pdf


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Panuto: Iguhit ang hugis-puso (  ) sa patlang bago ang numero kung tama ang pahayag at tatsulok (  )naman kung ito ay mali.<br>______1. Sa pag-aalaga ng *poultry animals* gaya ng manok o pato, kinakailangang may sapat na kaalaman at kakayahan ang mag-aalaga ng mga ito. | Magbibigay ang guro ng maikling pagsusulit upang malaman ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga dapat isaalang-alang sa pag-aalaga ng poultry animals sa natural na paraan. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>______2. Kailangan ding planuhing mabuti ang lugar o lokasyon kung saan ang aalagaan ang mga poultry animals.<br>______3. Kahit anong uri ng poultry animals ay maaaring alagaan.<br>______4. Alamin ang mga hakbang sa natural na paraan sa pag-aalaga ng poultry animals.<br>______5. Maaaring mag-alaga ng poultry animals kahit kulang-kulang ang mga kagamitan o kasangkapan.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang patlang kung ang hayop ay kabilang sa poultry animals at ekis (x) naman kung hindi.<br>_____1. <br>_____3. <br>______5. <br>_____2. <br>_____4. <br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin
<table>
<tr><td>Poultry Animals</td><td>Ito ay tumuturing sa mga ibong inaalagaan sa bukirin, na karaniwang pinalalaki para ibenta, lutuin at kainin ang kanilang karne at itlog ng tao. Kabilang sa mga poltri ang manok, pabo, gansa, bibe, pato at kalapati.</td></tr>
</table>
</td>
<td>Magpakita ng mga larawan sa mga mag-aaral at kanilang kikilalanin ang mga hayop na kabilang sa poultry animals. Maaring magdagdag ng ilan pang mga larawan.<br><br>Talakayin ang salitang matutunghayan aralin.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Kaugnay na Paksa 1: Mga Karaniwang Uri at Lahi ng Poultry Animals na Makikita sa Pamayanan na Maaaring Alagaan</td>
<td>Ipakita ang mga larawan sa mga mag-aaral at pasagutan ang mga katanungan.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Panuto: Pagmasdang mabuti ang mga larawan sa ibaba at sagutin ang mga katanungan sa iyong papel o kwaderno.<br>  <br>1. Kung bibigyan ka nang pagkakataon na mag-alaga ng hayop, alin sa tatlong hayop ang iyong aalgaan?<br>2. Alin sa kanila ang pinakamainam na alagaan? Bakit?<br><br>**Ikalawa at Ikatlong Araw**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Panuto: Ilagay sa bilog ang mga *poultry animals* na karaniwang inaalagaan sa inyong lugar o komunidad. Ibigay ang katangian ng bawat isa. Pagkatapos gawin ang concept map na ito, magkaroon ng gallery walk kung saan lilibutin ng mga mag-aaral ang apat na istasyon kung saan nakalagay ang mga iba't ibang uri ng mga poultry animals gayundin ang kanilang mga katangian.<br> | Ipatukoy ulit ang mga nasa larawan bago nila sagutan ang mga katanungan.<br><br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain upang malaman ang mga kilala nilang *poultry animals* na kanilang nakikita sa kanilang lugar o komunidad. Alalahanin ng magbigay sila ng katangian ng bawat *poultry animal* na kanilang binigay.<br><br>Talakayin ang mga karaniwang uri at lahi ng mga *poultry animals* na makikita sa pamayanan na maaaring maalagaan sa natural na paraan. Maaring gumamit ng *gallery walk* sa bahaging ito kung saan ang mga *poultry animals* ay nakalagay sa iba't ibang istasyon at hayaang ang |

**Mga Karaniwang Uri at Lahi ng Poultry Animals na Makikita sa Pamayanan na Maaaring Alagaan**

**1. Pugo**

Ang pugo ay isang uri ng maliit na ibong hinuhuli o inaalagaan para kainin o paitlugin. Ang itlog ng pugo ay mahalagang sangkap sa maraming uri ng ulam at nagtataglay ng maraming sustansiya. Mabilog ang katawan ng pugo at maigsi ang mga paa at liig. Tulad ng manok, ang pugo ay Magandang pagkakakitaan ng pamilya dahil sa dami ng gamit ng itlog nito. Ang itlog ng pugo ay maaaring ipagbili ng nilaga at di nilaga. Ito ay masustansiya at maaring gamitin sa iba't ibang putahe ng ulam tulad ng chopsuey, embutido at iba pa.

**Mga Lahi ng Pugo:**

a. Kastang Kano- ang may 30-35 araw na gulang ay karaniwang may timbang na 200 gramo.
b. Kastang Hapon- ang may 30-35 araw ang gulang ay karaniwang may timbang na 100 gramo.
c. Lahing Tuxedo- maitim at may putting batik ito sa dibdib at ulo.
d. Lahing negro- kulay itim at abuhing itim ito.
e. Lahing Silver- kulsy puti at maitim ang mga mata.
f. Lahing Katutubo- matatagpuan ito sa gubat at parang (meadow).
g. Lahing Japanese-Seattle- May lahing Amerikano ito na kulay kalawang (rust) at kulay kastansas (maroon) sa ibabang bahagi ng ulo.
i. Lahing Japanese-Taiwan- Kilala ito bilang Chinese quail. Maitim ang tiyan at batik-batik ang balahibo ng babaing pugo. May mapupulang balahibo naman ang mga lalaking pugo.



https://images.app.goo.gl/C8twuoCcguueNHxm9 Lahing Tuxedo



https://images.app.goo.gl/bLEGzBsuDQHTFtkH9 Lahing negro



https://images.app.goo.gl/VvuB3huNe8R8ZxoR8 Lahing Silver



https://images.app.goo.gl/tzVNXj6oFEdWmZ1Z8 Japanese-Seattle

mga mag-aaral na bisitahin ang bawat istasyon. Itala ang mga poultry animals na nakita at nabasa at ibigay ang kani-kanilang katangian.



https://images.app.goo.gl/jXTwmpNWbsdW41vj6
Japanese-Taiwan

**2. Manok**

Ang manok ay isang uri ng domestikadong ibon na kadalasang kabilang sa mga pagkaing niluluto at inuulam ng tao. Tandang ang tawag sa lalaking manok, inahin naman ang sa babaeng manok, at sisiw para sa mga inakay o anak na ibon nito. Ang mabata-batang inahin (halimbawa, wala pang isang taon) ay tinatawag na dumalaga. Ito ay tinatawag na *free range chicken* na kung saan ang mga manok na ito ay maaring mabuhay kahit saan sa bakuran. Kabilang ang mga manok sa mga poultry, mga ibong inaalagaan at pinalalaki para kainin. Manukan ang katawagan sa pook na alagaan ng mga manok sa bukid.




a. Mga uri ng manok na mainam para sa karne (broiler)

- Arbor acre- nakapagbibigay ng masustansiyang karne
- Hubbard- mainam alagaan dahil sa masustansiyang karne nito.
- Cobb- puti ang balahibo at kulay dilaw ang balat.


1. Arbor acre


2.Hubbard


3.Cobb


4. Dekalb


5. Pilch

b. Mga uri ng manok na mainam sa pangingitlog (layer)

- White leghorn- kulay puti at may malalaking paa.
- Minorca- nangingitlog ng 200 pirasong itlog sa isang taon at may katamtamang laki ng itlog. Kulay itim ito at galing Espanya.
- Mikawa- ito ay kulay puti at nangingitlog ng 200 pirasong itlog sa isang taon.


1. White Leghorn


2. Minorca


3. Mikawa

c. Mga uri ng manok na mainam sa pangingitlog at kanilang karne (dual)

- Plymouth rock- ito ay manok na galing sa Amerika at nakapagbibigay ng masustansiyang karne at itlog.
- Rhode Island Red- Maganda ang klase ng itlog at ito ang madalas na inaalagaan ng mga magsasaka.




**3. Pato/Itik/Bibe**

Ang bibe, bibi, itik, o pato ay isang uri ng ibon. Karaniwang tinatawag na bibi o bibe ang mga uring may mapuputing balahibo, samantalang itik naman ang may mga kayumanggi o itim na kulay. Ito ay ibong lumalangoy (waterfowl) na kamag-anak ng gansa at sisne (swan). Ito ay angkop sa mga lugar na malapit sa tabing ilog sapagkat dito ay sagana ng kakaning itik. Maari ding mag-alaga ng itik sa isang artifisyal na lawa upang maging paliguan at languyan. Ang mga itik ay madaling alagaan gaya ng manok. Ngunit, may mga itik na nangangailangan ng ilog o lawa na maaari nilang paglanguyan. Mayroon din namang uri ng itik na gusting maglagi sa lupa kaysa sa ilog o lawa. Inaalagaan ang itik para sa itlog at karne nito. Ang itlog ng itik ay ginagawang itlog na maalat, balut o penoy.

**Mga uri ng itik**



https://images.app.goo.gl/3DUqm3eYmuPUV3Hb9 Pateros Duck



https://images.app.goo.gl/yvEfXrBFYHmVGUUh6 Muscovy Duck

| | |
|---|---|
| a. Native o Pateros Duck- mas maliit ito kaysa sa imported breed. Ito ay malimit mangitlog ngunit hindi ito naglilimlim. Ang karaniwang kulay nito ay iti, puti, abo o kape.<br>b. Muscovy duck- Kilala ito bilang pato real o bibe. Mataas ang kalidad ng karne nito.<br>c. Peking duck- Laging nakatayo at tuwid ang leeg ng mga ito. Sa loob ng 2-3 buwan ay maaari na itong ipagbili. Napakainam ang karne ng Pecking Duck.<br>d. Khaki Campbell Duck- Hiyang sa lupa ang lahing ito at mabilis mangitlog. Ang isang inahin ay nakakatatlong daan itlog sa isang taon. | <br>https://images.app.goo.gl/ZmJgQL6LMah6EF5JA Peking Duck<br><br>https://livestockconservancy.org/wp-content/uploads/2022/08/Campbell-Pair.jpg Khaki Campbell |
| **4. Pabo**<br>Ito ay isang uri ng ibong inaalagaan para sa produksiyon ng pagkain. Malaki ang pabo kung ikokompara sa ibang uri ng ibon. Maraming lahi ang pabo at iba't iba rin ang kulay ng balahibo ng mga ito. Mayroon kulay purong puti, may puti na may kombinasyong itim, may kulay abo, at may purong itim. Ito ay may malapad at magandang buntot. Lahat ng pabo na inaalagaan ngayon na pangkomersiyo ay kulay puti at may malapad at malaking dibdib. Ang produktong nagmumula sa pabo tulad ng karne at itlog ay nagbibigay ng mas malaking halaga kompara sa gagastahin sa pagpapalaki nito. |  |
| **5. Gansa**<br>Ang gansa ay isang uri ng ibon na maaaring alagaan sa bakuran. Mas malaki ito kumpara sa pato o itik. Kahawig nito ang bibe. Iba't iba din ang kulay nito, may puti, itim at kayumanggi. Ang itlog nito ay maaari ding kainin o kaya ibenta. |  |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Susing-sagot:

1.B

2. A

3. D

4. C

5. B


6. C

7. A

8. D

Maaaring dagdagan ng ilang mga aytems ang gawain upang makabuo ng sapat na bilang.

| | | |
|---|---|---|
| | Panuto: Pagtapat-tapatin ang katangian sa Ang mga iba't ibang uri ng *poultry animal* sa Hanay B. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang.<br><br>Pugo<br>**Hanay A** / **Hanay B**<br>________ 1. Lahing Amerikano at may kulay kalawang at kastanyas — A. Lahing Japanese-Taiwan<br>________ 2. Kilala bilang Chinese quail — B. Lahing Japanese-Seattle<br>________ 3. Kulay itim at abuhing itim na pugo — C. Lahing Silver<br>________ 4. Kulay puti at maitim ang mga mata ng pugong ito. — D. Lahing negro<br>E. Lahing Tuxedo<br><br>Manok<br>________ 5. Puti ang balahibo at kulay dilaw ang balat — A.Plymouth rock<br>________ 6. Kulay itim ito at galing sa Espanya — B. Cobb<br>________ 7. Galing sa Amerika at mainam mangitlog at magbigay ng karne — C. Minorca<br>________ 8. Madalas na inaalagaan ng mga magsasaka — D. Rhode Island Red<br>E. White Leghorn | |
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Panuto: Ilagay sa bilog ang mga *poultry animal* na maaaring alagaan sa natural na paraan at magtala ng kani-kanilang katangian. | Pasagutan ang mga gawain sa mga mag-aarll upang malaman ang kanilang mga natutunan sa araling natalakay.<br><br>Alalahanin ang integrasyon ng SDG 8 at 12 sa bahaging ito. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>



1. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
Panuto: Ilagay sa kahon ang iyong repleksyon sa paksang tinalakay.

<table>
<tr>
<td>Ano ang iyong natutunan sa aralin?</td>
<td>Anong aralin ang nakapagpasa ya sa akin?</td>
<td>Anong paksa ang hindi ko naunaawaan ?</td>
<td>Paano ko napapagtagumpay an ang paksang hindi ko naunawaan?</td>
</tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit** | Pasagutan ang mga gawain sa mga mag-aaral upang malaman |

| | | |
|---|---|---|
| | Panuto: Isulat sa patlang bago ang bilang ang tamang sagot.<br>___________1. Isang uri ng maliit na ibong hinuhuli o inaalagaan para kainin o paitlugin.<br>___________2. Ito ang tawag sa lalaking manok.<br>___________3. Ito ay ibong lumalangoy (waterfowl) na kamag-anak ng gansa at sisne (swan).<br>___________4. Ito ay kahawig ng bibe.<br>___________5. Isang uri ng ibon na may malapad at magandang buntot.<br>___________6. Kung ang pugong ay may edad na 30-35 araw, ang timbang nito ay 100 gramo.<br>___________7. Mas maliit ito kaysa sa imported breed na pato. Ito ay malimit mangitlog ngunit hindi ito naglilimlim. Ang karaniwang kulay nito ay iti, puti, abo o kape.<br>___________8. Maitim at may putting batik ito sa dibdib at ulo ang pugong ito.<br>___________9. Kilala ito bilang pato real o bibe. Mataas ang kalidad ng karne nito.<br>___________10. Kilala ito bilang Chinese quail. Maitim ang tiyan at batik-batik ang balahibo ng babaing pugo. May mapupulang balahibo naman ang mga lalaking pugo.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>Panuto: Ang mga *poultry animals* na natalakay ay karaniwang inaalagaan sa ating mga tahanan, kapanayamin ang iyong mga magulang at tanungin ang mga sumusunod na katanungan.<br><br>***Mga Tanong:***<br>1. Anu-ano ang mga pakinabang na naidudulot ng pag-aalaga ng *poultry animals* gaya ng manok, pato, itik, at iba pa?<br>2. Anu-ano ang naitutulong nito sa inyong pamilya? | ang kanilang mga natutunan sa araling natalakay. |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** *Jessica G. Gilo* | ***Sinuri ni:*** Jeffrey C. Ginez |
| ***Institusyon:*** *Wonderful Grace Learning Center* | ***Institusyon:*** *Philippine Normal University-Manila* |